PAMAMAHALA NG DAGA

Ang mga daga ay malaking perwisyo sa palayan na sanhi ng pagkabawas ng ani mula 5% hanggang 60%, maging 100% sa punlaan. Sila ay nakapipinsala sa lahat ng yugto ng buhay ng palay at mabilis dumami.

Mga mabisang paraan sa pamamahala ng mga daga:

1. **Ugaliin ang sabayang pagtatanim.** Magsabog o maglipat tanim kasabay ang mga katabing bukid upang maiwasan ang tuloy-tuloy na tustos ng pagkain ng mga daga na nagiging sanhi ng kanilang mabilis at patuloy na pagdami.

2. **Panatilihing malinis ang palayan.** Tanggalin ang mga nakatambak na dayami at tumutubong damo sa paligid upang mabawasan ang taguan at tirahan ng mga daga.

3. **Makipagtulungan sa pamayanan sa pamamahala ng mga daga.** Maaring sakupin ng mga daga ang kalapit na palayan. Pag-usapan, paghandaan at pagtulungan ang pamamahala ng mga daga upang sila'y mapigilan sa pagdami.

4. **Pamahalaan ang lungga ng mga daga.** Linisin ang mga pilapil upang makita ang lungga. Hukayin o buhusan ng magkahalong tubig at putik ang maliit at mababaw na lungga. Gamitan ng *flame thrower* ang mga maluwang at malalim na lungga.

5. **Manghuli ng daga sa gabi gamit ng lente o *head lamp.*** Mabisa ito sa panahon ng paghahanda ng lupa hanggang sa makalipat tanim. Madali ang pag-huhuli sa gabi sa panahong lubog sa tubig ang palayan at wala pang tanim.

6. **Sama-samang manghuli ng mga daga bago sila magsimulang magparami.** Sa mga lugar na sabayan ang pagtatanim, tumitigil sa pag-aanak ang mga daga sa unang dalawang buwan pagkatanim ng palay.

   Kailangan ang sama-samang pagkilos sa pamamahala ng daga sa panahong ito upang hindi na sila dumami.

7. **Maingat na gumamit ng lason sa daga sa panahon din ng paghahanda ng lupa.** Mataas ang tyansa na kainin ng daga ang lason kung wala pa silang mapagpipilian.

   Gumamit lamang ng lason ng daga na nasa selyadong pakete. Basahin at sundin ang paraan ng paggamit ng lason na nakasaad sa pakete nito.

Alam mo ba?

- Ang bawat pares ng daga ay may kakayahang manganak ng mahigit 500 na daga sa loob ng isang taon kung may sapat silang pagkain, tubig, at lunggaan.
- Ang mga daga ay malabo ang paningin ngunit may malakas na pang-amoy.
- Mas mataas ang pagdami ng mga daga sa tag-ulan kaysa sa tag-araw.
- Ang mga daga ay *neophobic* o takot sa mga bagay sa paligid na hindi nila nakasanayan.
- Ang kanilang ngipin sa harap ay patuloy sa pagtubo kaya kailangan nilang ihasa at pudpudin sa pagkagat ng palay.

Sinuri ni: Leonardo V. Marquez, Crop Protection Division. Philippine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.

creative commons